


# WOODSIDE QUEENS

## Pagsusuri sa mga Pangangailangan ng Distritong Komersyal




NYC Small Business Services | careers businesses **neighborhoods**

kaakibat ang

Woodside on the Move

# TUNGKOL SA WOODSIDE

Ang Avenue NYC ay isang programang binuo ng NYC **Department of Small Business Services** para pondohan at palawakin ang kapasidad ng mga organisasyong tumutulong sa mga komunidad para magsagawa ng mga inisyatibong magpapanumbalik ng sigla ng kalakalan. Ito ay pinondohan ng Community Development Block Grant (CDBG) Program ng U.S. Department of Housing and Urban Development. Nakatuon ang programa sa mga pamumuhunan para sa mga komunidad na mababa at katamtaman ang kita.

Ang mga grant sa ilalim ng Avenue NYC Commercial Revitalization ay naggagarantiya ng tulong sa loob ng ilang taon para sa pagtataguyod ng kapasidad ng mga katuwang na organisasyon upang mas maunawaan ang mga pangangailangan ng komunidad, bumuo ng mga mabisang programang, at ipagpatuloy ang kanilang trabaho sa komunidad nang hindi bababa sa tatlong taon.

Binibigyang-diin ng **Commercial District Needs Assessment (CDNA)** ang kasalukuyang lagay ng mga negosyo at ang mga katangian ng mga mamimili sa komunidad.

Tampok sa CDNA na ito ang mga commercial corridors (hanay ng mga negosyo) sa **39th Avenue, 61st Street, Broadway, Queens Boulevard, Roosevelt Avenue, at Woodside Avenue**. Ang pagsusuri ay isinagawa kaakibat ang **Woodside on the Move** sa pagitan ng Hulyo 2023 at Hunyo 2024.

Ang pangunahing mga isyu at oportunidad na natukoy sa pamamagitan ng pagtatasang ito ay makatutulong para mabigyang prayoridad ang lokal na mga pamumuhunan na suportado ng SBS. Maaari rin itong panggalingan ng mga impormasyon at payo para sa marketing para sa komunidad.

### Sa Ulat na Ito

Ang kasalukuyang mga kondisyon, datos sa negosyo, at paglalarawan sa kalidad ng komunidad ay natipon mula sa higit **256 na mga survey** at iba't ibang mga pakikipagpulong sa mga stakeholder gaya ng mga mangangalakal sa komunidad, mamimili, manggagawa, may-ari ng mga lugar, at mga residente.

*Pumunta sa...*


| | |
|---|---|
| Pangunahing mga Impormasyon na Nakalap | 4-5 |
| Imbentaryo ng Negosyo | 6 |
| Imbentaryo ng mga Negosyo | 7, 10-11 |
| Pananaw sa Negosyo | 12-13 |
| Opinyon ng mga Mamimili | 10-11,13 |
| Pisikal na Kapaligiran | 14 |
| Pag-aaral tungkol sa mga Nagtitinda sa Kalye | 14 |
| Pag-aaral tungkol sa Pampublikong Espasyo | 15 |
| Apendiks ng Datos | 16-19 |


## Background

Matatagpuan sa hilagang kanluran ng Queens ang Woodside. Isang distritong komersiyal at residensiyal, ito ay nasa pagitan ng mga sentro ng transportasyong LaGuardia International Airport at ng istasyon ng Woodside Long Island Rail Road (LIRR). Ang komunidad ay pinalilibutan ng Maspeth sa timog, Astoria sa hilaga, Sunnyside sa kanluran, at Elmhurst at Jackson Heights sa silangan.

Orihinal na bahagi ng Town of Newton [Bayan ng Newtown] (ngayon ay Elmhurst), ang lugar na sa kalaunan ay magiging Woodside ay unang tinirahan ng mga magsasaka na sumaid sa mga latian at humawi sa mga kakahuyang pinamumugaran ng mga mandaragit noong 1700s. Ang lupang sakahang ito ay ginawang kaakit- akit para sa mga mayayamang base sa New York noong 1800, hanggang sa nahati ito bilang pabahay para sa mga manggagawa noong 1860s kasunod ng pagbubukas ng mga karagdagang linya ng tren sa lugar. Pagdating ng ika-20 siglo, ang Woodside ay naging tahanan ng pinakamalaking komunidad ng Amerikanong Irish sa Queens. Umabot sa humigit-kumulang 80% ng populasyon ang nagmula sa angkan ng mga Irish pagdating ng 1930. Bagama't nananatili ang malakas na kulturang Irish hanggang ngayon, ang lugar ay naging tahanan din ng malawak na hanay ng iba pang mga komunidad ng mga migrante na nagmula sa Asya, Gitnang Amerika, at Timog Amerika. Dahil sa mayamang pagkakaiba-iba na ito, naging kilala ang Woodside sa hanay ng mga restawran at mga pub nito – kabilang ang mga etnikong enclave gaya ng komunidad ng mga Pilipino sa "Little Manila" ("Maliit na Maynila").

Puno ng iba't ibang uri ng mga tindahan at restawran ang Roosevelt Avenue. Ito ang pangunahing komersiyal na pasilyo sa Woodside na bumabaybay mula sa silangan hanggang kanluran sa ilalim ng elevated 7 subway line. Ang iba pang mga komersiyal na pasilyo tulad ng Woodside Avenue, 61st Street, at 39th Avenue ay sasalubong sa Roosevelt Avenue, at unti-unting magiging residensiyal habang lumalayo ang mga ito mula sa komersiyal na sentro ng distrito. Ang interseksiyon ng mga daang Roosevelt at Woodside ay kumakatawan bilang simbolikong puso ng distritong komersyal. Direktang nasa tabi ng pangunahing sentro ng transportasyon ng Woodside ang mga daang ito at may mga koneksiyon sa 7 tren, LIRR, at mga bus patungo sa LaGuardia Airport. Sa hilaga, Nagsisilbing isang mas maliit na komersiyal na strip para sa mga residente ng komunidad ang Broadway. Sa timog, Tahanan ng ilang maliliit na mga negosyo, mga chain, at ilang mga pagawaan ng kotse ang Queens Boulevard.

Kasunod ng desisyon na huwag ipuwesto ang HQ2 ng Amazon sa LIC noong 2018, napuna ng mga real estate speculators ang estratehikong kalapitan ng Woodside sa iba pang lumalagong mga komunidad at ang presensiya ng iba't ibang uri ng transportasiyon. Dahil dito, ang presyo ng upang residensiyal at komersiyal ay patuloy na tumataas. Inaasahan ng mga residente ng Woodside at mga organisasyong pang- komunidad na naka- base dito ang paglago pa ng lokalidad sa hinaharap kaakibat ng patuloy na pagusbong ng Long Island City sa kanluran at sa dakong pasilangan ng Flushing.

## Demograpiko ng Komunidad

Tingnan ang karagdagan sa pahina 17

Humigit-kumulang 78,717 ang populasyon ng Woodside. 43% ng mga residente ay Asyano, na pinakamalaking mga grupo ay mga Tsino (27%), Bangladeshi (18%), at Filipino (16%). Nasa 34% ng mga residente ay Hispaniko o Latino, kung saan ang mga Meksikano at taga-Ecuador ay bumubuo ng 28% at 22%. Nasa 20% ng mga residente ay Puti, at ang natitirang bilang ay maliit na populasyon ng ibang mga lahi. $71,623 ang median (panggitna) na kita ng sambahayan sa lugar, kumpara sa $82,431 sa buong borough ng Queens. 9.9% ng mga residente ay nasa ibaba ng poverty line (antas ng kahirapan), kumpara sa 11.7% sa buong lungsod ng New York.

## Mga Oportunidad sa Hinaharap

Tingnan ang karagdagan sa pahina 5

May maaaring matutuhan ang Woodside mula sa mga bagong real estate development sa kalapit na Long Island City, Sunnyside, at Astoria para ilaan ang pag-unlad ng komunidad sa kapakinabangan ng mga lokal na residente at negosyo. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malakas na lokal na base ng mga mamimili at mahigpit na pagkakabigkis ng mga miyembro ng komunidad, maaaring patuloy na masuportahan ng lugar ang mga lokal at magkakaibang kultura na negosyo. Sa kakatapos lamang na pagkukumpuni ng LaGuardia Airport at ang napipintong pagsasaayos sa istasyon ng Woodside LIRR, ang komunidad ay maaaring patuloy na lumago bilang gateway sa iba pang bahagi ng New York City at sa pandaigdigang komunidad.

## Woodside





### ▲ Mga Lugar ng Interes

- Tinasang mga Pasilyo ng Komersyo
- Kapansin-pansing mga Lugar
- Mga Parke at Pampublikong mga Espasyo
- Mga Distrito ng Pagpapabuti ng Negosyo
- Pampublikong mga Pasilidad

### ▲ Kapansin-pansing mga Lugar


Plaza ng Doughboy


Sementeryo ng Cavalry


Aklatan ng Woodside

### Mga Kaganapan sa Kapitbahayan

- Piyesta ng Sayaw sa Queensboro
- St. Pat's para sa All Parade
- Piyesta sa Kalye ng Woodside
- Seremonya sa Pag-iilaw ng Puno sa Woodside

### Mga Grupo sa Komunidad

- Sentro ng Imigrasyon sa Emerald Isle
- La Jornada
- Hardin ng Komunidad sa Moore-Jackson
- Koalisyon ng Hilagang Woodside
- Sisa Pakari
- Sunnyside & Woodside Mutual Aid
- Woodside on the Move

# MGA NAKALAP NA IMPORMASYON & MGA OPORTUNIDAD

## Mga Kalakasan


- Dahil sa pagkakaiba-iba ng komunidad, ito ay nagiging isang kaakit-akit na destinasyon para sa mga pandaigdigang lutuin, lalo na ang mga pagkaing Hispaniko at Timog Silangang Asyano.
- Ang komunidad ay may sapat na transportasyon – mayroon itong 7 linyang subway, LIRR, at maraming ruta ng mga bus kabilang ang mga bus patungong LaGuardia Airport – at matatagpuan sa koneksiyon ng Manhattan at ng mataong mga komunidad ng Queens kabilang ang Astoria, Sunnyside, Jackson Heights, at Elmhurst
- May mahigpit na bigkis ang komunidad sa Woodside na lalo pang pinag-iibayo ng pagkakaroon ng mga maliliit na negosyong pag-aari ng mga pamilya (mom-and-pop shops)
- Dahil sa mga kumpol ng mga bar at restawran na malapit sa transportasyon ay nagiging destinasyon sa gabi sa Queens ang Woodside
- Ang maliliit na mga parke sa kahabaan ng Roosevelt Avenue ay nagbibigay ng mga espasyo kung saan umuupo at nagtitipon ang mga residente
- Sinusuportahan ng hanay ng mga nonprofit ang komunidad at nagbibigay ang mga ito ng mga serbisyo publiko
- Nagiging popular na unang puntahan sa Estados Unidos ang Woodside para sa iba-ibang mga grupo ng migrante dahil sa siksik na etnikong mga enclave at malalakas na mga network ng kultural na suporta


## Mga Hamon

- Ang elevated 7 train na tumatakbo sa itaas ng Roosevelt Avenue ay pinanggagalingan ng ingay, humaharang sa sinag ng araw, at nag-aakit ng mga kalapati na nagreresulta sa dumi ng ibon
- Nagiging hadlang ang Queens Boulevard sa pagitan ng timog na bahagi ng Woodside at sa natitirang komunidad dahil sa malalapad nitong daan, mabibilis na trapiko ng sasakyan, at hindi sapat na mga tampok pangkaligtasan (safety features) para sa mga tao
- Nagkaroon ng mga ulat mula sa mga residente na pakiramdam nila ay hindi sila ligtas sa mga bahagi ng Queens Boulevard at Roosevelt Avenue sa gabi dahil sa kakulangan ng ilaw at hindi malinis na mga kondisyon
- Ang mga iligal na brothel at iligal na cannabis dispensaries ay dumami sa buong komunidad
- Ang patuloy na konstruksiyon ng underpass sa Woodside LIRR station ay nakagagambala sa trapiko ng sasakyan at mga tao at nagsisilbing harang sa pagitan ng silangan at kanlurang bahagi ng komunidad
- Mayroong pangkalahatang kakulangan ng berdeng espasyo (green space) sa komunidad
- Tumataas ang komersiyal at residensiyal na upa sa komunidad bunsod ng real estate speculation, bilang resulta ng gentrification ng kalapit na Long Island City sa kabila ng nakanselang paglalagay ng bagong punong-tanggapan ng Amazon.


Piyesta sa Kalye ng Woodside


Pagtitinda sa Kalye ng Roosevelt Avenue


Seremonya sa Pag-iilaw ng Puno sa Woodside



Maliit na Maynila (Little Manila)



Mural sa Roosevelt Avenue


Sam's Hardware


St. Pat's for All Parade



Roosevelt Avenue

# Mga Oportunidad

- Ang pagkakaiba-iba (diversity) sa komunidad ay nagbibigay ng pagkakataon para sa mas maraming mga aktibidad pangkultural na nagtatampok ng lokal na pagkain
- Maglagay ng mga mural sa maraming blangkong pader sa mga pasilyo; ang mga ito ay maaaring magsilbing lugar para sa pampublikong sining
- Maglinis at magpaganda ng maliliit na mga parke sa kahabaan ng Roosevelt Avenue at magsagawa ng mas maraming aktibidad pangkultural at pagtatanghal ng pampublikong sining upang maging aktibo ang mga espasyong ito
- Itaguyod ang lokal na mga pub at itampok ang mga pagkain sa Woodside bilang atraksiyon at nightlife destination na magdadala ng mas maraming tao para sa mga matatagal nang mga Irish bar at sa mas bagong bukas na mga restawrang Asyano at Hispaniko
- Paigtingin ang pampublikong kaligtasan, bukas na espasyo, at ayusin ang kondisyon ng mga kalye sa pamamagitan ng karagdagang paglilinis at iba pang mga inisyatibo
- Magsaliksik ng karagdagang mga panukala sa kaligtasan para sa mga tao sa Queens Boulevard
- Bumuo ng mga estratehiya sa pag-iilaw at paglilinis upang mapabuti ang karanasan sa pamimili sa kahabaan ng Roosevelt Avenue sa ilalim ng elevated 7 subway line
- Magpatupad ng mga proyekto upang mapabuti ang kaligtasan ng buong komunidad, kabilang ang paglalaan ng pedestrian spaces para sa 65th Street at 39th Avenue, at padamihin ang mga taong pumupunta sa 39th Avenue
- Maglagay ng wayfinding upang mahikayat ang mas maraming taong pumunta sa mga negosyong malayo sa pangunahing hanay ng mga negosyo
- Makipagtulungan sa lokal na presinto ng pulisya ng NYPD upang matugunan ang mga alalahanin ng mga nagtitinda at residente tungkol sa kaligtasan
- Tulungan ang lokal na mga negosyo na makakuha ng mga pondo para sa pagpapabuti ng storefront (harap ng tindahan) at ibang mga uri ng suporta

### Ano ang Susunod?

Upang matugunan ang pangunahing nakalap na mga impormasyon at ang mga oportunidad na ito, ipinagkaloob ng SBS ang Avenue NYC Grants sa mga organisasyong nonprofit.

Para sa karagdagang impormasyong, bumisita sa: nyc.gov/avenuenyc

# KATANGIAN NG NEGOSYO: WOODSIDE

## Imbentaryo ng Negosyo

**484**


Kabuuang Bilang ng mga Storefront

**9.5%**

Bakanteng Storefront*

*Tandaan: Sa pinakahuling datos noong Hunyo 2024, 75 sa mga naituturing na Business Improvement District ng New York City, may katampatang antas ng bakante na mga storefront na 12.8% at median na atnas ng bakante na mga storefront na 11.8% (LiveXYZ)


## Uri ng mga Tindahan




Ang imbentaryo ng negosyo at datos ng halo ng mga tindahan ay nilikom ng Woodside on the Move sa pamamagitan ng komprehensibong imbentaryo ng mga storefront na matatagpuan sa Broadway, 61st Street, 39th Avenue, Roosevelt Avenue, Woodside Avenue, at Queens Boulevard mula Oktubre hanggang Disyembre 2023.



Roosevelt Avenue




Woodside Avenue



Queens Boulevard

# Opinyon ng mga Mangangalakal ng Woodside


## Ilang taong nang bukas ang iyong negosyo?




**14** Mean **6** Median **1** Mode

Tandaan: Ang mean ay ang katampatan ng lahat ng mga tugon, ang median ay ang gitnang numero kapag ang lahat ng mga tugon ay inayos nang pataas, at ang mode ay ang pinakakaraniwang tugon.

## Ilang full-time na mga empleyado ang mayroon ka?




**5** Mean **4** Median **2** Mode

## Ikaw ba ang nagmamay-ari ng storefront o nangungupahan ka ba?

**53%** Umuupa

**3%** Nagmamay-ari

**44%** Walang Tugon

## Nakatira ka ba sa Woodside?

**33%** Oo

**48%** Hindi

**19%** Walang Tugon

## Sa nakalipas na taon, umunlad ba ang iyong negosyo, nanatiling pareho, o bumaba?

**20%** Umunlad

**39%** Nanatiling Pareho

**30%** Bumaba

**11%** N/A o Walang Tugon

## Sa darating na taon, plano mo bang palawakin, manatili, maglipat, o magsara?

**10%** Palawakin

**69%** Manatili

**3%** Lumipat

**5%** Magsara

**13%** Walang Tugon

## Mayroon bang presensya sa Internet ang iyong negosyo?

| | % mga Tugon ng Mangangalakal |
|---|---|
| ▶ Website at Social Media | 29% |
| ▶ Website Lamang | 8% |
| ▶ Social Media Lamang | 15% |
| ▶ Wala | 9% |
| ▶ Walang Tugon | 39% |




Pinagkukunan: Batay sa 98 survey ng mangangalakal na isinagawa ng Woodside on the Move sa Taglagas 2023 at Taglamig 2024.

# KATANGIAN NG NEGOSYO

## 39th Avenue

### Imbentaryo ng Negosyo

**27**
Kabuuang Storefront

**26%**
Bakanteng Storefront

### Kalagayan ng mga Storefront

**26%** Hindi Maayos

**70%** Katamtaman

**4%** Maayos

### Mga Pangkaraniwang Negosyo






39th Avenue

## 61st Street

### Imbentaryo ng Negosyo

**47**
Kabuuang Storefront

**4%**
Bakanteng Storefront

### Mga Kondisyon ng mga Storefront


**25%** Hindi Maayos

**62%** Katamtaman

**13%** Maayos

### Mga Pangkaraniwang Negosyo





61st Street

## Broadway

### Imbentaryo ng Negosyo

**20**
Kabuuang Storefronts

**10%**
Bakanteng Storefronts


### Mga Kondisyon ng Harap ng Tindahan

**30%** Hindi Maayos

**55%** Katamtaman

**15%** Mabuti

### Pinakakaraniwang mga Negosyo






Broadway

# Queens Boulevard

## Imbentaryo ng Negosyo

**77**
Kabuuang Storefront

**10%**
Bakanteng Storefront

## Mga Kondisyon ng Harap ng Tindahan

**32%** Hindi Maayos
**66%** Katamtaman
**1%** Maayos

## Pinakakaraniwang mga Negosyo





Queens Boulevard

# Roosevelt Avenue

## Imbentaryo ng Negosyo

**222**
Kabuuang Harap ng Tindahan

**10%**
Bakante na Harap ng Tindahan

## Mga Kondisyon ng Harap ng Tindahan

**25%** Mahina
**57%** Katamtaman
**18%** Mabuti

## Pinakakaraniwang mga Negosyo






Roosevelt Avenue

# Woodside Avenue

## Imbentaryo ng Negosyo

**91**
Kabuuang Storefront

**5%**
Bakanteng Storefront

## Mga Kondisyon ng Harap ng Tindahan

**12%** Hindi Maayos
**59%** Katamtaman
**29%** Maayos

## Pinakakaraniwang mga Negosyo






Woodside Avenue

# KATANGIAN NG NEGOSYO

## Opinyon ng mga Mangangalakal & Mamimili sa Woodside

### Ano ang gusto mo sa distritong komersyal?

"Diverse ang komunidad, maraming turista, maayos ang transportasyon."

"Small neighborhood feel na 20 minuto lamang ang layo sa midtown Manhattan. Pagkakaiba (diversity) ng mga komunidad at negosyo, lalo na sa mga kainan."

"Mayroong paghahalaga sa komunidad (sense of community), regular na mga mamimili, medyo ligtas, magkakaibang mga kliyente, napakaraming restawran at malapit sa gym. Mayroon lahat dito."

"Maraming opsyon sa transportasyon, maraming taong napapadaan."

"Gitna ito ng maraming iba't ibang lugar, at hindi kasing uso tulad ng LIC o Astoria. Gusto ko na mas payak ito kesa sa ibang developed na lugar."

"Diverse ang lugar, ang pangangailangan ng bawat etnisidad ay natutugunan, Nahihikayat ang mga taong tumikim ng iba't ibang pagkain."

"Lahat ng kailangan mo ay nandito at ang mga paninda ay nagmula kung saan saan."

"Malapit sa mga pamilihan, bilihan ng binalot (take- out), simbahan, transportasyon; payapa."

"Mabubuti ang mga may-ari ng mga tindahan. Karamihan sa kanila ay maunawain sa tao at nagbibigay din ng pangalawang pagkakataon."

"Bilang isang Pilipinong naninirahan sa New York, gusto ko na ito ay isang lugar kung saan makabibili ako ng mga abot- kayang produktong. Nakakakilala rin ako ng ang iba pang mga Pilipinong nakatira dito. Gusto ko rin na nakakatikim ako ng pagkain ng ibang pang kultura."

### Ano ang natatangi sa Woodside commercial district?

"Ang kabaitan ng mga tao at ang katahimikan ng komunidad."

"Mayroong iba't ibang kainan na nagsasama para mar- organisa ng cultural street festivals kapag umiinit na ang panahon."

"Ang pagkakaiba (diversity), pagkakalapit ng maraming minorya."

"Diverse, sobrang tahimik."

"Maraming mga Negosyo ang bukas 24/7 at bukas nang gabing-gabi."

"Maraming serbisyong pangkomunidad para sa iba't ibang uri ng tao sa Woodside."

"Sentro ng lahat"

"Iba't ibang lahi ang narerepresenta ng mga karatula"

"Komunal, medyo ligtas at nakakalma ang mga tanawin."

"Pandaigdigang mga produkto na hindi masyadong mahal."

## Opinyon ng mga Mangangalakal at Mamimili sa Woodside

### Anong mga pagbabago ang gusto mong makita upang mapabuti ang distritong komersyal ng Woodside?

"Kailangan namin ng isang lugar kung saan maaring magtipong ang komunidad at turuan ng bagong kakayahan."

"Nakahaharang sa mga storefronts ang konstruksyon ng MTA"

"Bawasan ang mga multa! Nagiging mapanganib na rin sa gabi."

"Isara ang mga "Spa"!"

"Dagdagan ang mga kaganapan sa komunidad!"

"Basurahan sa bawat kanto upang panatilihing malinis ang kapitbahayan."

"Mga bangko sa kalye at mas maraming puno."

"Pagpatay ng mga peste, ipaalala sa mga tao na itigil ang pagpapakain sa mga kalapati at daga sa ilalim ng mga tulay sa 48th Street LIRR."

"Mas kaunting trapiko at mas maraming espasyo para sa mga taong naglalakad. Minsan hindi ako komportableng tumawid sa daan."

"Mas maraming events tulad ng taunang "Momo-Crawl" na pinagsasama ang komunidad at lokal na negosyo."

### Anong mga pagbabago ang kailangang mangyari sa Woodside upang ma- engganyo ang mas maraming pang mga bisita/mamimili?

| | % Tugon ng Mangangalakal | % Tugon ng Mamimili |
|---|---|---|
| ▶ Kaligtasan | 58% | 27% |
| ▶ Kalinisan | 44% | 49% |
| ▶ Pag-iilaw sa mga kalye | 30% | 28% |
| ▶ Mga kagapanapan sa komunidad | 26% | 51% |
| ▶ Landscaping/ beautification | 26% | 62% |
| ▶ Pagtanggal ng bandalismo | 17% | 20% |
| ▶ Merchant collaboration | 16% | 18% |
| ▶ Dagdag na mga bukas na espasyo | 13% | 38% |
| ▶ Mga pagpapabuti sa transportasyon | 11% | 23% |
| ▶ Pag- aayos ng mga storefront | 5% | 30% |
| ▶ Iba pa | 0% | 3% |

Pinagkunan: Batay sa 98 survey sa mangangalakal at 158 survey sa mamimili na isinagawa ng Woodside on the Move sa Taglagas 2023 at Taglamig 2024.

# PANANAW SA NEGOSYO

## Woodside Retail Demand

Nagastos ng mga residente

**$2.62B**


sa pagbili ng mga gamit at serbisyo sa 2024

Tinatayang gagastusin ng mga residente

**$3.00B**

sa pagbili ng mga gamit at serbisyo kada taon hanggang 2029

### 2024 Consumer Spending




Ang datos sa Retail Demand ay batay sa sambahayan (household). Kumakatawan ito sa halagang ginagastos kada taon para sa isang produkto o serbisyo ng lahat ng sambahayan sa lokal na nakabilang sa loob ng natakdang lugar ng pangangalakal.

Pinagkukunan: Mga pagtataya ng Esri para sa 2024 at 2029; Ang datos sa Paggastos ng mga Mamimili ay kinuha mula sa 2020 at 2021 na mga Survey sa Paggastos ng Mamimili, Kawanihan ng Istatistika ng Paggawa

# Mga Trends sa Pagnenegosyo


## Pagbabago sa Kabuuang Kita sa Negosyo, 2017-2024

| Woodside | Queens | NYC |
|---|---|---|
| ▲ 65% | ▲ 35% | ▲ 30% |


## Pagbabago sa Median na Kita ayon sa Negosyo, 2017-2024

| Woodside | Queens | NYC |
|---|---|---|
| ▲ 43% | ▲ 52% | ▲ 53% |

### Kabuuang Kita ng Negosyo sa Woodside




### Median na Kita ayon sa Negosyo sa Woodside





*Ang datos ng taong 2024 ay nalikom hanggang Marso 2024. Pinagkunan: Sangay ng Patakaran sa Buwis, Kagawaran ng Pananalapi ng NYC

# Opinyon ng mga Mamimili

## Anong karagdagang mga uri ng negosyo ang gusto mong makita sa Woodside


- Mga Gym
- Mga Restawran na May Buong Serbisyo
- Mga Kapihan, Panaderya
- Mga Espasyo para sa Sining/Kaganapan/Komunidad
- Mga Tindahan ng Aklat
- Mga Tindahan ng Damit

## Kailan ka madalas namimili sa Woodside?




| | |
|---|---|
| Lunes hanggang Biyernes | 39% |
| Lunes hanggang Biyernes tuwing gabi | 24% |
| Sabado't Linggo | 13% |
| Sabado't Linggo ng gabi | 4% |
| Walang takdang oras | 20% |

## Paano ka madalas bumibyahe pa- Woodside?



| | |
|---|---|
| Naglalakad | 60% |
| Subway | 30% |
| Sariling Kotse | 7% |
| Bisikleta | 2% |
| Bus | 1% |
| Taxi/Ride Share | 1% |

## Gaano kadalas ka namimili sa Woodside?



| | |
|---|---|
| Arawan | 23% |
| 2 hanggang 4 beses kada linggo | 31% |
| Isang beses kada linggo | 18% |
| Dalawang beses sa isang buwan | 10% |
| Isang beses sa isang buwan | 8% |
| 3 hanggang 6 na beses sa isang taon | 5% |
| Hindi Regular | 6% |

Pinagkunan: Batay sa 158 survey ng mamimili na isinagawa ng Woodside on the Move sa Taglagas 2023 at Taglamig 2024.

# PISIKAL NA KAPALIGIRAN


## Mga Bakanteng Storefront




Bakanteng mga Lote
Bakanteng Storefronts
Mga Parke & Bukas na mga Espasyo

Isang pagsusuri ng 484 storefronts sa kahabaan ng 39th Avenue, 61st Street, Broadway, Queens Boulevard, Roosevelt Avenue, at Woodside Avenue ay nagpakita na 16% ng mga tindahan ay nasa mahihirap na kondisyon; 62% ay nasa katamtamang kondisyon; at 22% ay nasa mabuting kondisyon.


Kondisyon sa malapad natawiran sa Queens Boulevard


Mga Nagtitinda sa Kalye ng Roosevelt Avenue


Konstruksiyon sa Roosevelt Avenue

## Mga Obserbasyon sa Lansangan

- Bukod pa sa isyung patungkol sa seguridad ng pagmamaneho, ang malapad at auto-centric na disenyo ng Queens Boulevard ay nagdudulot ng karadgagang mga hamon sa pamimili sa lugar na ito. Kulang ang pa-ilaw sa boulevard at hindi ito masyadong pinupuntahan ng mga tao
- Habang napapalayo sa interseksiyon ng Roosevelt Avenue, mas maluwag na ang bahaging ito ng Woodside Avenue. Ang mga bahagi ng pasilyong ito ay may malalaking mga puno at bangko. Ang bakanteng storefront ay nakakasira sa daloy ng pamilihan.
- Ang elevated train sa Roosevelt Avenue ay nagdudulot ng malaking ingay, humaharang sa sikat ng araw, at nag-iipon ng dumi ng ibon
- Ang 39th Avenue ay tila malungkot na lugar; pinagtatapunan ito ng mga basura, at kulang sa mga puno
- Karamihan sa mga bahagi ng 61st Street ay may magagandang puno at medyo malinis, ngunit nababawasan ang mga pumupuntang tao habang papalayo sa istasyon ng subway
- Ang Broadway ay nadodomina ng isang malawak na kalye, malalaking mga gusali ng apartment, at malalaking espasyong pang-industriya sa background; medyo hindi ito kaaya-aya sa mga mamimili dahil maraming basura, kakaunti ang halaman, hindi sapat ang mga ilaw sa kalye, at hindi maganda ang kondisyon ng storefronts

## Pag-aaral tungkol sa mga Nagtitinda sa Kalye

May iba't ibang klase ng mga magtitinda sa kalye ng Woodside. Halos lahat ng mga ito ay matatagpuan sa Roosevelt Avenue o mga katabing kalye, lalo na sa malapit sa istasyon ng tren sa Woodside. Iba-iba ang mga uri ng binebenta, mula sa mga food truck na kumpleto sa gamit hanggang sa mga mayroon lamang na portable na mesa. Karamihan sa mga nagtitinda sa lugar ay nagbebenta ng pagkain - pangunahin ang lutong Meksikano. Pinakamaraming aktibidad sa ilalim mismo ng istasyon ng tren, kung saan itinatampok ng mga pop-up table ang iba't ibang mga produkto kabilang ang damit, meryenda, at inumin.


### Kabuuang Bilang ng mga Nagtitinda sa Kalye

**12**


### Katampatang Taon na Ginugol sa Pagtitinda

**7**

### Katangian ng Panindang Tingian sa Kalye




### Uri ng Kagamitan ng Nagtitinda sa Kalye




Ang impormasyong ito ay nalikom ng Woodside on the Move sa isang lingo, mula Lunes hanggang Linggo, sa Abril 2024. Ang mga nagtitinda sa kalye na nakahimpil sa puwesto (food truck, food cart, pushcart, mesa, at stand) at ang mga walang gamit (halimbawa, pagbebenta mula sa cooler) ay naidokumento sa pamamagitan ng mga obserbasyon sa lugar. Ang mga nagtitindang lumilipat-lipat ng puwesto ay hindi sinama sa pag-aaral na ito.

# Pag-aaral para sa Pampublikong Espasyo: Woodside Memorial Park - Woodside Memorial Triangle

Matatagpuan ang Woodside Memorial Park sa gitna ng komersiyal na distrito ng Woodside, sa interseksiyon ng Woodside at Roosevelt sa tabi ng istasyon ng tren sa Woodside. Sa pamamagitan ng mga bangko at maliliit na naka-landscape na mga espasyo, ang parke ay nagsisilbing isang maliit na plaza ngunit kasalukuyang hindi gaanong ginagamit at nangangailangan ng mga pagsasaayos, kabilang ang mga sirang bangko, napapabayaang landscaping, at mga basura. Dahil sa isang grupo ng mga matatandang lalaking umiinom sa araw, nagiging hindi kanais-nais ang espasyo para sa iba sa komunidad. Ang sitwasyon ay pinapalala ng isang malaking  storefront sa kahabaan ng silangang bahagi ng parke. Dahil dito mababa ang bilang ng mga taong bumibisita. Nagiging espasyo rin itong tulugan at imbakan ng mga gamit para sa mga taong walang bahay. Sa kasalukuyan, maraming tao ang mabilis na dumadaan sa parke patungo sa ibang lugar o umuupo sandali para magpahinga, kumain, o manigarilyo.


Woodside Memorial Park

## Ano ang iyong ugnayan sa espasyong ito

| | % mga Tugon ng Gumagamit ng Espasyo |
|---|---|
| ▶ Nakatira sa komunidad | 87% |
| ▶ Bumibisita | 13% |
| ▶ Nagtatrabaho sa komunidad | 0% |

## Paano mo karaniwang ginagamit ang espasyong ito?

| | % mga Tugon ng Gumagamit ng Espasyo |
|---|---|
| ▶ Pakikipagkapwa/pagkikipagkita sa mga kaibigan | 67% |
| ▶ Pagko-commute/nadadaanan | 13% |
| ▶ Kainan/ Kumakain | 13% |
| ▶ Paglalakad ng aso | 7% |


Woodside Memorial Park

## Gaano kadalas ka bumibisita sa plaza na ito?

**13%** Regular

**73%** Paminsan-minsan

**13%** Madalang

## Kailan ka karaniwang bumibisita sa espasyong ito?

**100%** Araw

**0%** Gabi

**67%** Lunes hanggang Biyernes

**33%** Sabado't Linggo

## Magbigay ng pangunahing tatlong mga isyu na kailangang tugunan sa espasyong ito

| | % mga Tugon ng Gumagamit ng Espasyo |
|---|---|
| ▶ Landscaping/Beautification | 93% |
| ▶ Kalinisan | 67% |
| ▶ Pisikal na mga Kondisyon/Mga Amenity | 33% |
| ▶ Mga Programa/Events | 27% |
| ▶ Pagtulong ng mga Indibiduwal na Nawalan ng Bahay | 27% |
| ▶ Kaligtasan | 20% |
| ▶ Pag-iilaw | 13% |

Pinagkukunan: Batay sa 15 survey na isinagawa ng Woodside on the Move noong Tagsibol 2024

# APENDIKS NG DATOS

## Mga Hangganan (Boundary) sa Pag-aaral

■ Natakdang mga Pasilyong Komersyal

Ang pangunahing datos tungkol sa mga storefronts sa Woodside sa pahinang 6-9 ay nilikom kasama ng sumusunod na mga pasilyong komersyal:


- 39th Avenue sa pagitan ng 63rd Street at Roosevelt Avenue
- 61st Street sa pagitan ng 37th at Woodside na mga avenue
- Roosevelt Avenue sa pagitan ng 52nd Street at ng Brooklyn Queens Expressway
- Woodside Avenue sa pagitan ng 56th at 72nd na mga kalye
- Queens Boulevard sa pagitan ng 50th at 74th na mga kalye
- Broadway sa pagitan ng 63rd at 65th na mga kalye

— Konsteksto ng Natakdang Lugar sa Woodside

Ang demograpiko at datos sa trabaho sa pahina 16-17 ay kumakatawan sa populasyon sa loob ng lugar ng konteksto sa komunidad ng Woodside.

••• Lugar ng Pangangalakal

Ang datos sa paggasta ng mga mamimili sa pahina 12 ay tumutugma sa 0.75 milyang lugar ng pangangalakal.




## Demograpiko ng Lugar

### Kabuuang Populasyon

| | |
|---|---|
| **81,518** | Woodside |
| 2,360,826 | Queens |
| 8,622,467 | Lungsod ng New York |

### Katampatang Laki ng Sambahayan

| | |
|---|---|
| **2.6%** | Woodside |
| 2.85% | Queens |
| 2.56 | Lungsod ng New York |


### Densidad ng Populasyon (kada milya kwadrado)

| | |
|---|---|
| **47,828%** | Woodside |
| 21,616% | Queens |
| 28,517% | Lungsod ng New York |

### Pagmamay-ari ng Kotse

| | |
|---|---|
| **51.0%** | Woodside |
| 63.3% | Queens |
| 45.3% | Lungsod ng New York |


### Mga Pattern ng Pagko-commute




| | |
|---|---|
| **17,853** | **Nagtatrabaho** sa Woodside, nakatira sa ibang lugar |
| **1,017** | **Nakatira & Nagtatrabaho** sa Woodside |
| **32,455** | **Nakatira** sa Woodside, nagtatrabaho sa ibang lugar |


# Demograpiko ng Lugar

## Lahi/Background




| | Woodside | Queens | NYC |
|---|---|---|---|
| Hispaniko o Latino (sa anumang lahi) | 35% | 28% | 29% |
| Puti lamang | 20% | 24% | 31% |
| Itim o Aprikanong Amerikano lamang | 1% | 17% | 21% |
| Asyano lamang | 43% | 26% | 14% |
| Dalawa o higit pang mga lahi | 1% | 3% | 3% |
| Ilang iba pang lahi lamang | 0% | 2% | 1% |
| Amerikanong Indyano at Alaskanong Katutubo lamang | 0% | 0% | 0% |
| Katutubong Taga-Hawaii at Ibang Taga-Islang Pasipiko | 0% | 0% | 0% |

## Nakamit na Edukasyon



| | Woodside | Queens | NYC |
|---|---|---|---|
| Ika-12 Baitang o Mas Mababa, Walang Diploma | 18% | 17% | 17% |
| Nagtapos ng Mataas na Paaralan | 30% | 26% | 23% |
| Ilang Kolehiyo, Walang Degree | 10% | 14% | 13% |
| Associate's Degree | 8% | 8% | 7% |
| Bachelor's Degree | 23% | 21% | 23% |
| Graduate o Professional Degree | 12% | 13% | 17% |

## Edad ng Populasyon



| | Woodside | Queens | NYC |
|---|---|---|---|
| Wala pang 5 Taon | 6% | 6% | 6% |
| 5–14 Taon | 10% | 11% | 11% |
| 15–24 Taon | 8% | 11% | 12% |
| 25–44 Taon | 35% | 29% | 31% |
| 45–64 Taon | 26% | 27% | 25% |
| 65+ Taon | 15% | 17% | 16% |

## Median na Edad

| | |
|---|---|
| **39.8%** | Woodside |
| 39.9 | Queens |
| 37.5 | Lungsod ng New York |

## Populasyong Isinilang sa Ibang Bansa

| | |
|---|---|
| **59%** | Woodside |
| 47% | Queens |
| 36% | Lungsod ng New York |

# Kita

## Median na Kita ng Komunidad

| | |
|---|---|
| **$71,551** | Woodside |
| $82,431 | Queens |
| $76,607 | Lungsod ng New York |

## Populasyon ng nasa Ibaba ng Antas ng Kahirapan

| | |
|---|---|
| **10%** | Woodside |
| 12% | Queens |
| 17% | Lungsod ng New York |

# Trabaho

## Populasyon ng Nagtratrabaho

| | |
|---|---|
| **66%** | Woodside |
| 64% | Queens |
| 63% | Lungsod ng New York |


## Walang Trabaho*

| | |
|---|---|
| **4.0%** | Woodside |
| 7.0% | Queens |
| 7.6% | Lungsod ng New York |

*Tandaan: Sa Mayo 2024, ang antas ng kawalan ng trabaho ay 4.3% para sa Queens at 4.9% para sa Lungsod ng New York (NYSDOL); wala pang bagong datos sa lebel ng komunidad para sa Woodside.


# Lokal na mga Trabaho at Empleo

## Trabaho ng Lokal na mga Residente



| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong Pang-edukasyon, Pangangalagang Pangkalusugan, Tulong sa Lipunan | 19% |
| Akomodasyon, Serbisyo sa Pagkain, Sining, Libangan | 14% |
| Mga Serbisyong Propesyonal, Siyentipiko, at Teknikal | 14% |
| Retail Trade | 13% |
| Ibang mga Serbisyo | 10% |
| Transportasyon, Pagbobodega, mga Utilities | 10% |
| Konstruksyon | 9% |
| Pananalapi, Insurance, Real Estate | 6% |
| Manufacturing | 3% |
| Pampublikong Administrasyon | 3% |

## Mga Trabahong Matatagpuan sa Woodside



| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong Pang-edukasyon, Pangangalagang Pangkalusugan, Tulong sa Lipunan | 31% |
| Akomodasyon, Serbisyo sa Pagkain, Sining, Libangan | 8% |
| Mga Serbisyong Propesyonal, Siyentipiko, at Teknikal | 2% |
| Retail Trade | 15% |
| Ibang mga Serbisyo | 14% |
| Transportasyon, Pagbobodega, mga Utilities | 1% |
| Konstruksyon | 10% |
| Pananalapi, Insurance, Real Estate | 3% |
| Paggawa | 3% |
| Pampublikong Administrasyon | 13% |

Pinagkukunan: Kawanihan ng Senso ng Estados Unidos, 2018-2022 Survey ng Kumonidad ng Amerikano; 2024 OnTheMap na Aplikasyon

# APENDISE NG DATOS

## Transportasyon sa Woodside




▲ Transportasyon sa Woodside

— Mga Ruta ng Bus · · · Mga Daanan ng Bisikleta — Long Island Railroad ≡ NYC Subway

### Katampatan ng Sumasakay ng Bus sa mga araw ng Lunes hanggang Biyernes (2023)

| | |
|---|---|
| 12,458 | Q53 SBS |
| 11,430 | Q66 |
| 10,687 | Q60 |
| 6,896 | Q18 |
| 6,879 | Q32 |
| 6,720 | Q49 |
| 6,699 | Q47 |
| 5,500 | Q33 |
| 4,262 | Q29 |
| 3,999 | Q39 |
| 1,745 | Q104 |

### Katampatan ng mga Sasakyan sa Pang-araw-araw (2022)

| | |
|---|---|
| 14,752 | Broadway mula 58th Street tungo sa Roosevelt Avenue |
| 11,936 | Roosevelt Avenue mula 58th Street tungo sa Broadway |
| 7,660 | Woodside Avenue mula Northern Boulevard tungo sa 65th Place |
| 5,142 | 39th Avenue mula Woodside tungo sa Roosevelt na mga avenue |
| 2,684 | 61st Street mula Roosevelt tungo sa 39th na mga avenue |

### Katampatang Sumasakay ng Subway sa mga araw ng Lunes hanggang Biyernes (2023)

| | | |
|---|---|---|
| 43,672 | 7 E F M R | 74 Street-Broadway/Jackson Heights-Roosevelt Avenue |
| 13,225 | 7 | Woodside-61 Street |
| 9,157 | 7 | 46 Street-Bliss Street |
| 8,343 | 7 | 82 Street-Jackson Heights |
| 4,631 | M R | Northern Boulevard |
| 4,449 | 7 | 52 Street |
| 4,325 | 7 | 69 Street |

Pinagkukunan: MTA 2023; NYS DOT, datos sa 2023 Tanunang Katampatang Pang-araw-araw na Trapiko

## Kamakailang mga Pamumuhunan sa mga Komunidad ng SBS

- *Commercial Revitalization,* pagkaloob ng Avenue NYC na pang-maraming taon na $300,000 na iginawad sa Woodside on the Move, 2023-2026.

## Kasalukuyang mga Plano & Pag-aaral

*Mga Pagpapabuti ng mga Bus sa Hilagang Boulevard, MTA, 2022.*

*Ipinanukalang mga Pagpapabuti sa Kaligtasan ng Pasilyo sa Queens Boulevard - Yellowstone Boulevard tungo sa Union Turnpike, Kagawaran ng Transportasyon ng NYC, 2018.*

*Mga Anyo sa Kalusugan ng mga Komunidad ng Woodside at Sunnyside, Kagawaran ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng NYC, 2018.*

*Sunnyside - Woodside Rezoning, Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod ng NYC, 2011.*

## Mga Pinagkunan

ESRI at Mga Survey sa Paggasta ng mga Mamimili, Kawanihan ng Istatistika ng Paggawa. 2024 ESRI Pananaw sa Pangangailangan sa Pagtitingi.

Awtoridad sa Metropolitan na Transportasyon, 2023. Katampatang Pang-araw-araw na Mananakay ng Subway sa mga araw na Lunes hanggang Biyernes at Katampatang Pang-araw-araw na Mananakay ng Bus sa mga araw ng Lunes hanggang Biyernes

Kagawaran ng Transportasyon ng NYS. 2022 Taunang Katampatang Pang-araw-araw na Trapiko, gamit ang Tagamasid ng Datos sa Trapiko.

Kagawaran ng Pananalapi ng NYC, Sangay ng Patakaran sa Buwis, gamit ang datos mula sa Kagawaran ng Pagbubuwis at Pananalapi ng NYS. Ang mga benta ng Negosyo ay iniulat ayon sa taon ng buwis na tumatakbo mula sa ika-1 ng Marso hanggang ika-28 ng Pebrero. Ang datos sa benta ay tinipon mula sa mga pahayag ng buwis sa benta na pinagsama-sama ng tagapaghain ng buwis sa loob ng isang taon, hindi kasama ang mga pahayag na may negatibong mga halaga ng benta. Para sa bawat taon, ang bawat tagapaghain ng buwis ay iniulat ayon sa address na nakalista sa kanilang pinakahuling pahayag. Ang malalaking mga outlier ay tinanggal mula sa pagsusuri, at ang pinakamataas na 5% ng mga tagapaghain mula sa Manhattan at ang pinakamataas na 1% ng mga tagapaghain mula sa panlabas na mga borough ayon sa mga benta ay hindi isinama.

Live XYZ, Datos sa Harap ng Tindahan sa NYC, Hunyo 2024. SBS Ulat ng Trend sa Pagpapabuti ng Negosyo sa mga Distrito, FY 2023.

Kawanihan ng Senso ng Estados Unidos. 2024. OnTheMap na Aplikasyon. Programa sa Pagbabago sa Longitudinal-Employer na Sambahayan.

Kawanihan ng Senso ng Estados Unidos. Survey sa Komunidad ng Amerikano, 2022 Survey sa Komunidad ng Amerikano 5-Year Pagtataya, gamit ang NYC Tagahanap ng Katotohanan sa Populasyon. Mga Lugar sa Woodside: 245, 243, 489, 485, 483.01, 483.02, 247, 249, 251, 253.02, 253.01, 169, 255, 257, 259, 261, 263, 265.01, 291, 293

Mga Kredito sa mga Larawan: Wikimedia Commons: Mga Archive ng La Guardia at Wagner. Woodside on the Move: Sean Ansanelli. NYC SBS: Matthew O'Malley.

## TUNGKOL SA SBS

Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Maliliit na Negosyo ng NYC ay tumutulong na mabuksan ang pang-ekonomiyang potensyal at gumawa ng pang-ekonomiyang seguridad para sa lahat ng mga Taga-New York sa pamamagitan ng pagkonekta sa mga Taga-New York sa magagandang mga trabaho, paglikha ng mas malakas na mga negosyo, at pagbuo ng mas makatarungang ekonomiya sa mga kapitbahayan sa buong limang boroughs.

## MGA PAGKILALA

Nais naming kilalanin at pasalamatan ang sumusunod na mga indibiduwal at organisasyon para sa kanilang mga kontribusyon sa pagbuo ng Pagtatasa ng mga Pangangailangan ng Komersyal na Distrito ng Woodside:

Pangulo ng Queens Borough Donovan Richards
Miyembro ng Konseho ng NYC Julie Won
Lupon ng Komunidad ng Queens 2
Woodside on the Move
Mga Mangangalakal ng Woodside
Mga Mamimili at Residente ng Woodside

nyc.gov/avenuenyc